# Paglalarawan ng mga Serbisyo ng Sentrong Pangrehiyon (Regional Center)

Tingnan ang Mga Pamantayan sa Serbisyo ng NLACRC sa: https://www.nlacrc.org/consumers-families/purchase-of-service-policies

Tingnan ang mga magagamit na mga serbisyo, suporta, at *assessment tools* sa:
https://www.nlacrc.org/consumers-families/service-and-support-assessments

*Ang isang bata sa Early Start na nasuri at napag-alamang may debelopmental na kapansanan ay puwedeng makatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa ilalim ng *Lanterman Act*

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagsasanay sa Mga Kasanayang Adaptive (Adaptive Skills Training)** | Ang serbisyong ito ay nagtuturo sa mga konsyumer ng kakayahan tulad ng pag-aaral magluto, mga gawaing bahay, pamamahala ng pera, pagtawid sa kalsada nang ligtas, pakikipagkaibigan, at paggawa ng mga desisyon. Tinuturuan din nito ang mga magulang kung paano matuto ang bata sa kasanayan. Karaniwang kailangan ang serbisyong ito kapag sinusubukan ng magulang na turuan ang bata ng kakayahang tulad ng paggawa ng mga gawaing bahay, ngunit hindi sila natututo. | | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Pang-araw na Sentro ng Nasa Wastong Gulang/ Programa (Adult Day Centers/ Programs)** | Maraming mapipiling puntahan sa araw ang mga konsyumer na nasa wastong gulang. Sa mga programang ito, ang mga konsyumer ay natututo ng mga bagong kasanayan, nakikisalamuha, at ang kanilang mga pangangailangan ng pangangalaga ay tinutugunan. Ang ilan sa mga programang ito ay maaaring may espesyalidad sa iba't ibang mga pangangailangan tulad ng:<br>• Pagsasama sa komunidad<br>• Malilikhaing Sining<br>• Mga pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan<br>• Naililipat na mga programa sa loob ng bahay (Mobile in-home programs) | | | | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyong Pamamahala ng Asal (Behavior Management Services)** | Mga serbisyong nagkakaloob ng iba't ibang mga propesyonal upang tugunan ang mga hamon sa asal sa iba't ibang lugar. Para sa ilan sa mga serbisyong ito, ang mga pangunahing pinagkukunan ng pagpopondo ay *Medi-Cal* o pribadong *insurance*. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Suporta sa Kliyente/ Magulang/ Pagsasanay ng Pamamagitan sa Asal (Client/Parent Support/ Behavior Intervention Training)** | Mga serbisyo upang sanayin ang sistema ng suporta ng mga konsyumer na tumutulong sakanila sa pagaayos ng kanilang asal. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Pasilidad/Kama ng Pagmamagitan sa Krisis (Crisis Intervention Facility/Bed)** | Pansamantalang 24-na-oras na paggamot sa tahanan para sa mga konsyumer na nasa krisis. | | | ✓ | ✓ |
| **Pangkat sa Krisis - Pagtaya at Pamamagitang Pang-asal (Crisis Team – Evaluation and Behavioral Intervention)** | Mga pangkat ng suporta sa krisis na kayang magpakilos sa komunidad kapag ang isang konsyumer ay nasa maikling-panahon na krisis na pang-asal. | | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyong Pang-araw na Pag-aalaga (Daycare Services)** | Mga serbisyong kayang magkaloob ng pang-araw ng pagaalagang may superbisyon sa mga konsyumer. Ang *regional center* ay puwede lamang magbayad ng gastos sa serbisyong pang-araw kung ang gastos ay humihigit sa halagang puwedeng ipagkaloob sa isang bata na nasa kaparehong edad ngunit walang kapansanan. Ang *regional center* ay maaaring magbayad nang higit sa halagang ito kapag ang pamilya ay kayang magpakita ng isang pinansiyal na pangangailangan sa tahanan. **Ang serbisyong ito para sa mga konsyumer ng Early Start ay para lamang sa mga kasong nasa istatus 2. | ✓** | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment)** | Espesyal na kagamitang medikal at mga suplay na kaugnay ng paggamot para sa mga pangangailangan ng pangangalagang medikal ng mga konsyumer. Ang mga produktong ito ay ang mga sumusunod:<br>• Mga diaper<br>• Salamin sa mata at mga suplay sa pandinig<br>• Kagamitan sa mobilidad tulad ng mga walker at wheelchair<br>• Mga suplay para sa pagkain<br>• Aparatong suporta sa paa at artipisyal na prosthetics<br>• Kagamitan sa pagposisyon at pag-aagpang | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Maagang Nagsisimula na mga Serbisyong Panlunas (Early Intervention Services)** | Mga serbisyong nakapokus sa mga pangangailangang debelopmental ng mga batang edad 0-3 taon. | ✓ | | | |
| **Mga Programang Pagtatrabaho (Employment Programs)** | Maraming serbisyong nagpopokus sa mga lugar ng pagtulong sa mga konsyumer na nasa wastong gulang sa pagkuha ng trabaho. May iba't ibang antas ng suporta para matugunan ang mga pangangailangan sa pagtatrabaho ng konsyumer. Ilan sa mga serbisyo ay ang mga sumusunod:<br>• Mga pang-araw na programa na nagbibigay ng trabaho at pagsasanay<br>• Grupong nakapokus sa mga Serbisyong Pagtatrabaho<br>• Serbisyong Pagtatrabaho na ibinabagay sa Indibidwal<br>• Mga bayad na Programa sa Internship<br>• Mga mapagkumpitensyang programa sa pagtatrabaho | | | ✓ | ✓ |
| **Ahensiya ng Tahanan ng Pamilya (Family Home Agency)** | Mga sertipikadong tahanan ng pamilya kung saan naninirahan ang mga konsyumer. Ang pamilya ay tumutulong sa mga konsyumer sa mga pangaraw-araw na pangangailangan at isinasama sila sa mga aktibidad na pang-pamilya. | | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Facilities)** | Mga pasilidad na nagkakaloob ng mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga at pangangalaga ng pasyente sa mga konsyumer na hindi kayang mabuhay mag-isa o sa isang tahanan ng pag-aalaga dahil sa kalubhaan ng kanilang mga pangangailangan ng pag-aalaga. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Suporta ng Kalusugan sa Tahanan (Home Health Supports)** | Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na ipinagkakaloob sa tahanan ng konsyumer. Ang mga serbisyong ito ay ang mga sumusunod:<br>• Tulong sa kalusugan sa tahanan (aide)<br>• Mga serbisyong pag-aalaga (nursing) | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Itaas ang Kakayahang sa Komunidad (Increase Community Access)** | Ang mga *regional center* ay makakatulong sa mga konsyumer na maging independiyente sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano magmaneho o tumulong sa pagbabago ng mga sasakyan para maayos base sa kanilang mga kailangan. Ang ilan sa mga serbisyong ito ay:<br>• Mga Programang Pagsasanay ng Drayber<br>• Mga Serbisyo para sa pag-aayos ng pera<br>• Mga Serbisyo para sa aksesibilidad<br>• Mga Programang Pagbabago ng Sasakyan | | | | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyo para sa Independiyenteng Pamumuhay (Independent Living Services)** | Pagsasanay para sa mga konsyumer upang matuto at magpahusay ng mga kasanayan sa buhay sa tahanan at komunidad. Ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob sa tahanan ng konsyumer, tahanan ng pamilya o pasilidad na pantahanan. | | | ✓ | ✓ |
| **Mga Espesyalista at Propesyonal na Medikal (Medical Specialists and Professionals)** | Ang mga *regional center* ay nakikipagkontrata sa iba't ibang mga medikal na propesyonal upang tumulong sa mga espesyal na pangangailangan ng pangangalaga ng pangkalusugan ng mga konsyumer. Ang ilan sa mga espesyalistang ito ay ang mga sumusunod:<br>• Mga Audiologist/Optometrist<br>• Mga Tagapayo Tungkol sa Genes (Genetic Counselors)<br>• Mga Dentista<br>• Mga Nars<br>• Mga Dietitian<br>• Mga Sikologo/Doktor ng Isip | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Pagsasanay para sa Mobilidad (Mobility Training)** | Mga serbisyo upang tulungan ang mga konsyumer na matutong gumamit ng pampublikong transportasyon sa kanilang komunidad. Ito ay makakatulong na itaas ang pagiging independiyente sa komunidad. | | | ✓ | ✓ |
| **Mga Serbisyong Pagbibigay ng Pahinga sa Labas ng Tahanan (Out-of-Home Respite Services)** | Mga serbisyong nagkakaloob ng pahinga mula sa mga pangangailangan ng pang-araw-araw na pag-aalaga ng konsyumer sa kanilang pamilya o tagabigay ng pag-aalaga. Ang pagbibigay ng pahinga ay nangyayari sa labas ng tahanan ng pamilya. | | | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyong Sumusuportasa Magulang (Parenting Support Services)** | Ang serbisyong ito ay nagbibigay ng pagsasanay para sa mga konsyumer na naging mga magulang. | | | ✓ | ✓ |
| **Participant Directed Services** | Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay sa mga konsyumer/magulang ng opsyon na gumamit ng higit na direksyon kung paano at kanino ibinibigay ang mga serbisyo, kabilang ang pagpili, pag-iskedyul, at pangangasiwa sa mga manggagawa. Ang mga serbisyong ito ay naaangkop sa mga sumusunod na serbisyo:<br>• Respite (service code 465)<br>• Daycare (service code 455)<br>• Transportation (service code 470)<br>• Nursing (service code 460)<br>• Community-Based Training Service for Adults (service code 475) | | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Serbisyo sa Personal na Tulong (Personal Assistance Services)** | Ang serbisyong ito ay tumutulong sa pagligo, pagbibihis, paghahanda ng madaling pagkain, pagtulong sa banyo, at nagbibigay ng protektadong superbisyon. Ang pangangailangan para sa karagdagang tulong sa tahanan ay dahil sa pangangailangan ng higit sa isang tao upang magbigay ng pangangalaga. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang mga konsyumer na nangangailangan ng dalawang tao na paglipat/pag-angat o may mga pangangailangan sa pag-uugali na malapit na superbisyon para maging ligtas. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Sistema ng Pagtugon sa Personal na Emerhensiya (Personal Emergency Response System)** | Mga serbisyong suporta sa emerhensiya para sa konsyumer 24-na-oras kada araw kung may isang krisis na medikal o sa kalusugan ng isip. | | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Serbisyong Kaugnay ng Gamot (Pharmaceutical Services)** | Mga serbisyong nagpapahintulot sa mga *regional center* na bumili ng mga gamot para sa mga konsyumer kapag hindi sila makagamit ng *health insurance*. | | | ✓ | ✓ |
| **Mga Bahay ng Pangangalagang Pantahanan (Residential Care Homes)** | Mga tahanan ng pangangalaga na nagkakaloob ng ligtas na lugar para manirahan ang mga konsyumer. Ang mga ito ay mga lisensiyadong tahanan na may 24-na-oras na mga sumusuportang tauhan. Maraming magkakaibang uri ng mga tahanan ng pangangalaga na sumusuporta sa mga natatanging pangangailangan ng bawat konsyumer. Ang ilan sa mga tahanang ito ay:<br>• Mga pangangailangan ng pangangalagang pang-asal<br>• Mga tahanan ng pangangalaga sa mga bata at nasa wastong gulang<br>• Mga pangangailangan ng pangangalaga ng nakatatanda<br>• Mga pangangailangan ng pangangalagang medikal | | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyong Pagbibigay ng Pahinga – Loob-ng-Tahanan (Respite Services – In-Home)** | Ibinibigay ang serbisyong ito kapag ang pangangalaga ay lumampas sa karaniwang kinakailangan ng indibidwal base sa edad ng indibidwal/bata. Mga serbisyong ipinagkakaloob sa tahanan ng pamilya na nagbibigay ng pag-aalaga ng pahinga mula sa pangaraw-araw na mga pangangailangan ng pangangalaga ng konsyumer. Ang halaga ng pahinga ay tinutukoy base sa kailangang suporta ng pamilya, kabilang ang pag review sa mga kasalukuyang suporta, at mga natural na suporta na maaaring magbigay ng tulong. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Serbisyong Panlipunan/ Panlibangan at Di Medikal na mga Terapiya** | Ang mga *regional center* ay maaaring mag-bigay ng iba't ibang mga paraan upang magkaroon ng mga pagkakataong panlibangan ang mga konsyumer at itaguyod ang kalusugan sa pamamagitan ng iba't ibang mga paraan. Ang ilan sa mga serbisyong ito ay:<br>• Pagkakampo (Camping)<br>• Mga Aktibidad na Panlipunan-Panlibangan<br>• Di Medikal na mga Terapiya | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Programa ng *Self-Determination*** | Mga opsyon sa programa na nagkakaloob sa konsyumer ng kalayaan, kontrol, at responsibilidad sa pagpili ng mga programa at suporta upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang programang ito ay puwedeng gumamit ng mga serbisyong hindi vendored. | | ✓ | ✓ | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Natatanging Transportasyon (Specialized Transportation)** | Ang mga *regional center* ay nagbibigay ng iba't ibang mga opsyon upang tulungan ang mga gumagamit na makapunta sa komunidad kapag hindi nila kayang gawin ito sa sarili nila kasama ang pag-access sa *generic resources*. Ang ilan sa mga opsyon na ito ay maaaring kasama ang:<br>• Transportasyon na binabayaran ng miyembro ng pamilya<br>• Impormasyon sa *generic resources* para sa medikal na paghahatid<br>• Di-medikal na transportasyon<br>• Tulong sa pag-access ng pampublikong transportasyon (taxi, bus) | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| **Mga Karagdagang Suporta sa Programa (Supplemental Program Supports)** | Mga karagdagang tauhan na isinasama sa sistema ng suporta ng konsyumer kapag sila ay nasa krisis o nangangailangan ng mga suporta upang patuloy na gumamit ng mga serbisyong tinatanggap nila. Ang mga serbisyong ito ay karaniwang inilalagay nang pansamantala hanggang ang konsyumer ay hindi na nangangailangan. Ang mga suportang ito ay maaaring gamitin sa mga sumusunod na lugar:<br>• Komunidad<br>• Pang-araw na Programa (Day Program)<br>• Pantahanan | | | | ✓ |

| Serbisyo | Paglalarawan ng Serbisyo | *Early Start** Edad 0-3 | Mga Serbisyo sa mga Batang nasa Paaralan | Mga Serbisyo sa mga Nag-tatransisyon | Mga Serbisyo sa mga nasa Hustong Gulang |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Serbisyong Sinusuportahan ang Pamumuhay (Supported Living Services)** | Mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga konsyumer na namumuhay mag-isa sa apartment/bahay na kailangan ng 24-na-oras na suporta. | | | | ✓ |
| **Mga Serbisyo ng Tagasalin/ Interpreter** | Mga serbisyo upang tulungan ang mga konsyumer at ang kanilang mga pamilya na makipag-ugnayan kapag nagsasalita sila ng wikang iba sa Ingles. | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

May mga serbisyo at suporta na puwedeng matanggap maliban sa mga nakalista dito. Ang mga *service coordinators* ng *Regional Center* ay maaaring magbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa iba pang mga serbisyo at suporta na naangkop.

Anumang serbisyong natukoy sa listahang ito na magagamit at ang pananagutan ng isang generic o pribadong pagpopondo gaya ng *MediCal, In-Home Supportive Services*, o pribadong *health insurance*, ay dapat ituloy muna dahil ang mga *Regional Center* ay ang huling tagapag-bayad.

Ang listahang ito ay isang bersyon ng isang listahan na ginawa ng *Department of Developmental Services* ("DDS").

## Bisitahin ang aming website sa:

**www.nlacrc.org**

### Facebook

**English**
facebook.com/NLACRC

**Spanish**
facebook.com/NLACRCespanol

### Twitter

@NLACRC

### Instagram

**English**
@nlacrcofficial

**Spanish**
@nlacrcespanol

### YouTube

**Hanapin:** NLACRC

## MGA LOKASYON NG NLACRC

### San Fernando Valley Office (Pangunahing Opisina)

9200 Oakdale Avenue, Suite 100
Chatsworth, CA 91311
Telepono: (818) 778-1900
Fax: (818) 756-6140

### Santa Clarita Valley Office

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150
Santa Clarita, CA 91355
Telepono: (661) 775-8450
Fax: (661) 775-8454

### Antelope Valley Office

43850 10th Street West
Lancaster, CA 93534
Telepono: (661) 945-6761
Fax: (661) 942-4050